IBO IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M05/1/A1PIL/SP2/TGL/TZ0/XX

22050228

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 2**

Friday 6 May 2005 (morning)
Vendredi 6 mai 2005 (matin)
Viernes 6 de mayo de 2005 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.

*Sumulat ng sanaysay tungkol sa* ***isa*** *sa mga sumusunod na tanong. Dapat ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang binasa sa Ikatlong Bahagi ng mga pinag-aralang panitikan. Maaaring isama sa iyong sagot ang pagtalakay ng isang akdang nasa Ikalawang Bahagi, kung ito ay katulad sa anyo at kung may kaugnayan. Ang mga sagot na* ***hindi*** *ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay* ***hindi*** *mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** *Maaaring ito:*

(a) Paghambingin kung paano itinatanghal ang pag-asa, sa dalawa o higit pang mga nobela, sa kabila ng matitinding problema at malulubhang kalagayan. Hanggang saan nakakayanan ng mga tauhan na mapanatili ang kanilang pagtiwala sa kabutihan ng buhay?

*o ito:*

(b) Malaking ambag ang uri ng wikang gamit ng awtor sa pagbuhay muli ng isang partikular na panahon o sa paggawang higit na realistiko ang mga nobela. Gaano katotoo ang pahayag na ito sa dalawa o higit pang mga nobelang iyong napag-aralan? Talakayin.

**Maikling Kwento**

**2.** *Maaaring ito:*

(a) Pumili ng dalawa o higit pang mga akda at suriin kung paano ang pamamaraang naratibo, kronolohikal man ito o hindi, ay nakakatulong o nakakahadlang sa pagsulong at pag-unlad ng pangunahing tema ng kwento.

*o ito:*

(b) Sa dalawa o higit pang mga akdang iyong napag-aralan, paghambingin kung gaano kamatagumpay ang paglalarawan ng etikal at ekonomikong kalagayan ng lipunang Pilipino.

**Dula**

**3.** *Maaaring ito:*

(a) Magsuri ng dalawa o higit pang mga dulang Pilipino na nag-uugnay ng mga usaping pangkasalukuyan sa mga di resolbadong problema ng nakalipas. Anong mga paraan ang ginamit ng mga awtor para palitawin ang puntong ito?

*o ito:*

(b) Pumili ng dalawa o higit pang mga dula na may malakas na dating o epekto sa iyo. Talakayin kung anu-ano ang mga elemento sa dula na pumukaw sa iyong interes at damdamin at kung paano ipinalitaw o ipinahayag ang mga ito.

**Tula**

**4.** *Maaaring ito:*

(a) May kakayahan ang tula para gawing pambihira o extraordinaryo ang isang karaniwang bagay o sandali. Pumili ng dalawa o higit pang mga akda na sa iyong tingin ay magandang halimbawa ng kakayahang ito. Talakayin ang mga teknik at kasangkapang pampanitikan na ginamit ng mga makata para matamo ito.

*o ito:*

(b) Ang tula, ayon ng isang makatang Pilipino, ay maituturing na makapangyarihang sandata para sa pagtuligsa sa mga katiwalian sa lipunan. Talakayin ang iyong pagsang-ayon o di pagsang-ayon sa pahayag na ito batay sa mga akdang iyong napag-aralan.

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**5.** *Maaaring ito:*

(a) Magtalakay ng dalawang akdang sa iyong palagay ay naghahain ng bagong perspektiba sa lumang usaping mahalaga pa rin sa kasalukuyan.

*o ito:*

(b) Talakayin at suriin ang dalawa o higit pang akdang prosa, na sa iyong palagay ay maaaring magkaroon ng matinding epekto sa kabataang Pilipino saan mang bahagi ng daigdig naroon sila ngayon.

**Panlahat na mga Tanong**

**6.** *Maaaring ito:*

(a) Ang panitikan, ayon sa isang manunulat, ay maituturing na talambuhay ng lahi. Talakayin kung gaano katotoo ang pahayag na ito batay sa mga akdang iyong napag-aralan.

*o ito:*

(b) Batay sa dalawa o higit pang mga akdang pampanitikan na iyong napag-aralan, talakayin kung paano ang panlipunang pananaw sa kung ano ang nararapat na mga tungkulin at kilos ng kalalakihan at kababaihan ay pumipiit sa indibidwal at nagiging sagabal sa kanyang pag-unlad.

*o ito:*

(c) Lalo na sa mga bansang dumaan sa kolonisasyon tulad ng Pilipinas, mahalagang usapin ang pagsusulat ng panitikan ng bayan sa pambansang wika nito. Magsulat ng iyong komentaryo sa isyung ito at pagtibayin ang iyong sagot mula sa dalawa o higit pang mga akdang iyong napag-aralan.

*o ito:*

(d) Magtalakay ng dalawa o higit pang mga akdang pampanitikan na kakikitaan ng mga pagpapahalagang sa iyong palagay ay natatangi o matingkad sa mga Pilipino.